# Ika-80 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Agosto 31, 2024
Wikang Hapon: http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
Wikang Hapon na madaling maintindihan: http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagsimula ng ika-15 Termino ng Kinatawan ng mga Dayuhan



Noong Abril 21 (Linggo), ang unang pagpupulong ng Ika-15 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ito ay ginawa sa bagong Kawasaki City Office Main Building.

Sa ika-15 na termino, mula sa higit sa 200 na aplikante, napili ang 26 na kinatawan na nanggaling sa 20 bansa at rehiyon. Sa ikaunang meeting, nagpakilala ng sarili at ng mga nais na pag-usapan sa mga susunod na meeting. Napili bilang tagapangulo si Sene Aissatou Thimbo (Senegal), at pangalawang-pinuno si Srinivasan Sucheta (India). Inyong asahan na ang mga bagong miyembro ay magsisikap upang gawing mas mabuting lugar ang lungsod ng Kawasaki.

## Nais mo bang making ng Pagpupulong?

—— Iskedyul ng meeting para sa 2024——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras： mula 2pm hanggang 5pm

| | | |
|---|---|---|
| Ika-2 miting | Ikalawang Araw | Setyembre 8, 2024 (Linggo) |
| Ika-3 miting | Unang Araw | Oktubre 13, 2024 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Nobyembre 10, 2024 (Linggo) |
| Ika-4 miting | Unang Araw | Enero 19, 2025 (Linggo) |
| | Ikalawang Araw | Pebrero 16, 2025 (Linggo) |

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

# Pagpapakilala ng Kinatawan ng Ika-15 Termino

Sa loob ng dalawang taon, kami ay magrerepresenta ng lahat ng dayuhang mamamayan sa Lungsod ng Kawasaki, at magtutulungan sa pagsisiyasat at pag-uusap ng iba't ibang mga problema. Kami ay umaasa sa inyong suporta. 【1. Pangalan】 【2. Bansa o rehiyon】 【3. Maikling mensahe】

<Pangulo>



1. **Sene Aissatou Thimbo**
2. Senegal
3. Napakasaya ko na mapili bilang kinatawan. Nais kong lubos na maunawaan ang obligasyon bilang mamayan ng mga dayuhan sa Kawasaki, at mangyaring makapag-ambag sa lipunan.

<Bise Pangulo>



1. **Srinivasan Sucheta**
2. India
3. Napakasaya ko na mapili bilang kinatawan. Sa pagdiriwang ng ika-100 na taon ng lungsod, nais kong makatulong sa pagawa ng lugar na mabuti para sa lahat.



1. **Adidaya Yoza**
2. Indonesia
3. Nakakapanatag na may pagkakataon ang mga dayuhang mamamayan na makatulong sa pagbuo ng lipunang multikultural sa Japan. Nais kong talakayin ang mga isyu na kinakaharap ng mga dayuhan at ang mga hakbang sa pagtugon sa mga sakuna.



1. **Ooi Shu Keat**
2. Malaysia
3. Masaya ako sa pagkakataon magkaroon ng bagong pagsubok. Gusto kong magbahagi ng mga ideya at makipagtalakayan tungkol sa mga isyu na may kinalaman sa pamumuhay ng mga dayuhan, tulad ng tirahan at mataas na edukasyon.



1. **Giesecke Florian**
2. Germany
3. Napakalaking karangalan na mapili bilang kinatawan. Nais kong makatulong sa pagbuo ng komunidad kung saan maginhawa ang pamumuhay ng dayuhan at mga Japanese.



1. **Shan Wangshu**
2. China
3. Lubos akong natutuwa na napili bilang kinatawan. Sa pagpupulong, nais kong talakayin ang suporta sa medikal para sa mga dayuhan at ang edukasyon sa pag-iwas sa sakuna



1. **Sng Chin Guan**
2. Singapore
3. Isang karangalan na mapili bilang kinatawan. Sa pagpupulong, nais kong talakayin ang pagpapalaki ng bata at pakikipagkaisa ng iba't ibang kultura.



1. **Ito Yurika Karen**
2. United States
3. Gamit ang karanasan ng nakaraang termino, nais kong magsikap kasama ang bagong mga kasapi upang makagawa ng mga aktibidad na makatutulong sa mga mamamayan ng Kawasaki.



1. **Kamata Fatima**
2. Brazil
3. Nagagalak ako na napili bilang kinatawan sa ika-100 taon ng lungsod. Nais kong makatulong sa mga pagsisikap para sa pagkakaisa ng mga residenteng lokal at mga dayuhang mamamayan, habang pinapatuloy ang mga nakaraang aktibidad.



1. **Kim Sooyeong**
2. South Korea
3. Kasabay ang pakiramdam ng malaking responsibilidad, nagulat at nagalak ako na napili bilang kinatawan,. Nais kong makapagtalakay tungkol sa paglaganap ng impormasyon sa kaligtasan, at pakikipag-ugnayan sa maraming henerasyon.



1. **Jeong Jaehun**
2. South Korea
3. Lubos akong masaya na napili bilang kinatawan. Ang Kawasaki ay isang kahanga-hangang lugar na masaya ang pamumuhay kahit may pagkakaiba sa wika. Nais kong pag-usapan kung paano pa natin maipaparating ang ganda ng lugar na ito sa mas maraming tao.



1. **Dao Thi Hai Hang**
2. Vietnam
3. Karangalan at inspirasyon na mapili bilang katawan. Sa pagpupulong, nais kong talakayin ang usaping welfare, medikal, edukasyon, internasyonal na pakikipag-ugnayan, at suporta para sa mga nakatatanda.



1. **Zhang Yao**
2. China
3. Maligaya ako na napili bilang kinatawan. Nais kong makatulong sa pagbuo ng lipunan na maginhawang tirahan at may komyunikasyon kasama ang mga dayuhang mamamayan.



1. **Hirano Joymie**
2. Philippines
3. Napakalaking karangalan na mapili bilang isa sa mga kinatawan. Nais kong makipagtalakayan upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga dayuhan at mga Japanese, at makapag-ambag sa pagbuo ng isang multi-kultural na Kawasaki.



1. **Vu Hong An**
2. Vietnam
3. Napakalaking karangalan na mapili bilang kinatawan. Nais kong makipagtulungan sa iba pang mga kinatawan upang mas mapabuti pa ang pamumuhay sa Kawasaki.



1. **Furuya Fumiko**
2. China
3. Kasabay ng aking pasasalamat, nararamdaman ko din ang malaking responsibilidad. Nais kong talakayin ang pagpapalaki ng anak, edukasyon, at multikulturalismo. Nais kong tumulong sa paglikha ng "Pinakamasayang Kawasaki"



1. **Pozo Miguel Angel**
2. Bolivia
3. Masaya ako na napili bilang kinatawan. Gusto kong makipagtalakayan tungkol sa medikal, insurance, at edukasyon, at magsikap upang makalikha ng mas maayos na kapaligiran para sa lahat.



1. **Yang Tzu-yi**
2. Taiwan
3. Karangalan ko na mapili bilang kinatawan. Gamit ang karanasan ng nakaraang termino, at kasama ang paggalang sa mga opinyon ng mga kasamahan sa ika-15 na termino, nais makisali sa makabuluhang diskusyon.



1. **Li Ci**
2. China
3. Napakalaking karangalan na mapili bilang kinatawan. Bilang isa sa mga kinatawan, nais kong magbahagi ng mga opinyon. Gusto kong talakayin ang mga bagay tulad ng pagpapalaki ng mga anak at paglikha ng komunidad na mag-aakit sa mga dayuhan.



1. **Park Hyejin**
2. South Korea
3. Masaya ako na napili bilang kinatawan. Gusto kong maging aktibo sa pag-uusap at makatulong sa pagbuo ng isang komunidad sa Kawasaki kung saan kahit iba-iba ang ating bansa, marami tayong magagandang karanasan sa pamumuhay.



1. **Hristova Gabriela**
2. Bulgaria
3. Natutuwa ako na muling mapili bilang kinatawan. Nais kong gamitin ang karanasan sa nakaraang termino upang makipagtulungan nang maganda kasama ang mga kasapi ng ika-15 na termino, at magkaroon ng mabuting panukala mula sa mga pagpupulong.



1. **Pustovskikh Anastasia**
2. Russia
3. Kasabay ng kasiyahan sa pagpili bilang kinatawan, nararamdaman ko rin ang responsibilidad nito. Nais kong makipagtalakayan kasama ang mga kasamahan tungkol sa mga pangangailangan ng mga dayuhang mamamayan sa Kawasaki City.



1. **Pokharel Narayan**
2. Nepal
3. Isang karangalan na mapili bilang kinatawan. Gusto kong lumikha ng isang plataporma gamit ang AI na tumutugon sa mga alalahanin ng mga tao mula sa lahat ng bansa sa kanilang sariling wika.



1. **Polanski Piotr**
2. Poland
3. Masaya ako na napili bilang kinatawan. Gusto kong talakayin ang mga isyu sa tirahan ng mga dayuhan at ang suporta sa pag-aaral ng Japanese sa mga kindergarten.



1. **Rahman Ziaur**
2. Bangladesh
3. Natutuwa at labis na kinararangal ko na mapili bilang kinatawan. Kasama ang ibang kinatawan, nais kong pag-usapan ang iba't ibang alalahanin ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki.



1. **Lewis James**
2. United Kingdom
3. Isang karangalan na mapili bilang kinatawan ng Lungsod ng Kawasaki. Gusto kong magsimula sa paguusap ng mga maliit na bagay upang magkaroon ng positibong epekto sa buong lungsod ng Kawasaki.

### Pag-ulat sa Alkalde ng Panukala at mga Gawain sa taong 2023 ng Ika-14 Termino



Noong ika-19 ng Abril (Biyernes), inulat sa alkalde na si Norihiko Fukuda ang mga aktibidad sa taong 2023 at ang panukala tunkol sa “pre-natal at post-natal na suporta”, “seguro sa pangangalaga o kaigo hoken”, “pag-aral ng Japanese”. Ito ay inulat ng tagapangulo na si Lahiru Sanketha Perera, ikalawang pangulo na si Li Huan Huan, tagapangulo ng komite para sa ligtas na pamumuhay na si Gabriela Hristova, at tagapangulo ng komite para sa impormasyon at lipunan na si Yurika Karen Ito. Ayon sa alkalde, “Hanggang ngayon ay nakakuha kami ng iba’t ibang panukala, at sa tingin ko ay marami na ang naipatupad dito. Gayunpaman, nararamdaman ko pa rin na may mga aspeto pa rin na kailangan pang pagtuunan ng pansin. Sa panukala ngayon, kasabay ng pagdami ng mga dayuhang mamamayan, naramdaman ko na kailangan iupdate ang ating mga hakbang. Nais ko na magpursige sa pagbuo ng isang komunidad kung saan ang Kawasaki ay madaling tirahan at magiging “ikalawang bayan” para sa kanila. Noong ika-23 ng Mayo (Huwebes), ay naimbitahan din sina tagapangulong Perera at Li Huan Huan na dumalo sa komite sa Edukasyon ng Konseho ng Lungsod bilang taong sanggunian, at inulat din dito ang panukala ng ika-14 termino at mga gawain sa taong 2023.

Ang mga detalye ng panukala ay matatagpuan sa Taunang Ulat ng taong 2023 at sa Ika-79 na newsletter. Ang taunang ulat at newsletter ay makukuha sa sulok ng mga material, sa homepage ng lungsod, sa civic center, at sa library.

Bagong suportang pangkonsultasyon para sa dayuhang mamamayan

## Pagbukas ng Kawasaki Multicultural Plaza

Sa lahat ng mga dayuhang naninirahan sa Kawasaki, magandang balita para sa inyong lahat! Noong Hulyo 8, (Lunes) binuksan ang "Kawasaki Multicultural Plaza" sa ikalawang palapag ng Kawasaki City Office 3rd Building, 2nd Floor. Sa plaza na ito, maaari po kayong magpa-consult tungkol sa mga problema o alalahanin sa inyong pang-araw-araw na buhay. Ang pagkonsulta ay pwedeng gawin gamit ang telepono, online consultation, pagtanggap ng form sa internet, at personal na pag-uusap. Maaaring magkonsulta tungkol sa pag-aaral ng Japanese, edukasyon at pag-aalaga ng bata, residency status, at pati mga alalahanin sa pamumuhay. Libre ang pagkonsulta ngunit may bayad ang tawag sa telepono o pag-gamit ng internet kung sakaling sa telepono o online ang pagkonsulta.

Ang mga wika na maaaring gamitin sa konsultasyon ay English, Chinese, Filipino, Espanyol, Vietnamese, at Nepali. Para sa karagdagang impormasyon tulad ng mga araw kung kailan pwede magpakonsulta sa bawat wika, mangyaring bisitahin ang website para sa detalye.

https://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000158879.html

Jeong Jaehun

**Para sa tanong**
Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens’ Affairs Department, Citizens’ and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2846 Fax : 044-200-3707 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong nga mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp
R70
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用